# Ano ang mangyayari sa check-up mo?



## Ang provider mo ay:

- Gagawa ng pisikal na eksaminasyon
- Susuriin ang iyong paglaki at pag-develop
- Magtatanong tungkol sa kasaysayan sa kalusugan ng pamilya mo
- Magbibigay ng mga nirekomendang pagturok, kung kailangan
- Pag-usapan ang tungkol sa kalusugang dental at, kapag kailangan, bigyan ka ng mga fluoride supplement at tulong na makahanap ng dentista
- Pagsuri sa pagdinig at paningin mo
- Magtanong tungkol sa kalusugan ng pag-iisip mo at emosyonal na well-being, at anumang paggamit ng alkohol o droga, para malaman kung kailangan mo ng mga dulugan o suporta
- Talakayin ang mahahalagang pangkalusugang paksa tulad ng pag-develop, mga seksuwal na kalusugan, nutrisyon, kaligtasan, at pagbibigay ng proteksiyon sa balat mula sa araw

## Ang provider mo ay magsusuri para sa:

- **Depression, ligalig at peligro sa pagpapakamatay**
- **Tuberkulosis (TB),** kung nasa peligro
- **Kolesterol,** kung nasa peligro
- **Anemia,** kung nasa peligro
- **Mga sexually transmitted na impeksiyon (mga STI),** kung nasa peligro
- **Mga ibang pangkalusugang isyu** o mga alalahaning mayroon ka

*Pebrero 2023 para sa mga bata at batang adult na nasa edad na 12 hanggang 21*

# Kung may mga tanong o alalahanin ka o gustong matuto pa

**Ang iyong planong Medi-Cal managed care**
Ang numero ng telepono ay nasa iyong ID card ng plano at website ng plano mo O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/mmchpd

**Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal**
Tumawag sa **1-800-541-5555** (TDD 1-800-430-7077)
O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/myMedi-Cal

**Medi-Cal Dental**
Tumawag sa Smile, California sa **1-800-322-6384** (TTY 1-800-735-2922)
O pumunta sa smilecalifornia.org o www.dhcs.ca.gov/MCP

**Mga Specialty na Kalusugang Pangkaisipan**
Tumawag sa **1-888-452-8609**
Para magtanong tungkol sa mga serbisyo para sa seryosong kungisyon sa kalusugang pangkaisipan, kontakin ang iyong Plano ng Kalusugan ng Pag-iisip ng county ng www.dhcs.ca.gov/CMHP. (Ang mga miyembro ng Kaiser Permanente sa mga County ng Sacramento at Solano ay dapat tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente sa 1-800-464-4000.)

**Paggamit ng alkohol o droga**
Tumawag sa Department of Health Care Services (DHCS) Substance Use Resource Center 24/7 sa **1-800-879-2772**
O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/SUD-NETRL

**Suporta sa krisis**
Tumawag sa National Suicide Prevention Line sa **988**
Or tumawag sa **1-833-317-HOPE** (4673)
Para sa live na CalHOPE na pagpapayo sa krisis, pumunta sa www.calhopeconnect.org

**Ang iyong mga karapatan at responsibilidad**
Tumawag sa **1-888-452-8609**

DHCS | KAISER PERMANENTE®

www.dhcs.ca.gov/kidsandteens

1092828968-Tg



# Medi-Cal for Kids & Teens

## Pang-iwas at paggamot na mga serbisyo para sa mga teen at mga batang adult na hanggang edad na 21



# Naghahandog ang Medi-Cal ng mga serbisyo para sa mga teen at mga batang adult na hanggang edad na 21

**Kung mas bata ka sa edad na 21 at naka-enroll sa Medi-Cal, maaari mong makuha ang mga check-up, serbisyo, at suportang kailangan mo para manatili o maging malusog.**



Mahalagang magpa-check-up minsan bawat taon para mapanatili kang malusog, kahit na wala kang sakit. Mapipigilan nila ang mga pangkalusugang problema, at mahahanap at matutugunan sila nang maaga.

Kahit na kakapa-check-up mo pa lang, nakakagawa ka ng appointment sa doktor mo anumang oras na mayroon kang alalahanin sa kalusugan.

Dapat ka ring pumunta sa dentista tuwing 6 na buwan para panatiliing malusug ang mga ngipin mo.

## Planuhin ang check-up mo

Tawagan ang iyong pinamamahalaang plano ng pag-aalaga. O tumawag sa Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal sa **1-800-541-5555** (TDD 1-800-430-7077). Makakakuha ka ng tulong para:

- **Maghanap ng doktor** o mag-set up ng appointment
- **Makakuha ng libreng sakay** papunta sa at mula sa iyong appointment o para kumuha ng medikasyon, medikal na kagamitan, at mga supply
- **Humingi ng tulong sa wika** sa iyong appointment
- **Humingi ng mga serbisyo ng pag-interpret**

Kung kailangan mo ng flyer na ito o ibang materyales ng Medi-Cal sa isang **alternatibong format** tulad ng mas malaking font, audio format, CD, o braille, tumawag sa **1-833-284-0040**.

# Ang mga Medi-Cal na serbisyo ay libre para sa karamihan ng mga teen at mga batang adult na hanggang edad na 21

Lahat ng pag-aalagang kailangan mo ay libre maliban kung nakita kang may Bahagi ng Gastos kapag kuwalipikado ka para sa Medi-Cal. Kasama sa pag-aalaga ang mga check-up, pagtuturok, mga pangkalusugang screening, at paggamot para sa pisikal, pangkaisipan, seksuwal, at dental na kalusugang problema.

### Maaaring kasama ng mga serbisyong seksuwal na kalusugan

- Pagpapayo at edukasyon sa pagpaplano ng pamilya
- Pagkontrol ng pagbubuntis at mga pang-emergency na contraceptive
- Mga serbisyong pagpapalaglag
- Pagsusuri at paggamot para sa STI
- Pagsusuri sa HIV
- Pag-aalagang nag-aapirma sa kasarian

### Maaaring kasama ng mga serbisyong kalusugan sa pag-iisip

- Therapy ng indibiduwal, pangkat, at pamilya
- Pagpapayo sa krisis
- Pamamahala ng kaso
- Medikasyon para sa mga kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga screening sa depression at ligalig
- Mga serbisyo sa paggamot sa droga at alkohol



# Sinasaklawan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teens ang mga serbisyo para pamahalaan at gamutin ang mga pangkalusugang problema

**Kung makahanap ang doktor ng pisikal, pangkaisipan, seksuwal, o dental na alalahanin sa kalusugan na kailangan ng paggamot o pamamahala, dapat magbigay at saklawan ng Medi-Cal ang kailangang pag-aalaga.**

### Pag-aalagang nasasaklawan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen:



- Mga pisikal na pangkalusugang serbisyo, kasama ang primary na pag-aalaga at mga pagbisita ng espesyalista
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at paggamot sa dorga o alkohol, kasama ang therapy
- Mga dental na check-up at mga follow-up na serbisyo
- Mga serbisyo sa paningin, kasama ang mga salamin
- Mga serbisyo sa pagdinig
- Pagsusuri at paggamot para sa COVID-19
- Mga medikal na kagamitan at supply, kabilang ang matibay na kagamitang medikal
- Medikasyon
- Mga lab test, kabilang ang STI testing, at anumang kailangang follow-up na pag-aalaga
- Mga serbisyo sa kalusugang seksuwal at reproductive
- Pisikal, occupational, at pagsasalita na therapy
- Mga check-up sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, kabilang ang nursing na pag-aalaga
- Ospital at residensiyal na paggamot
- Lahat ng mga ibang kailangang serbisyo, ayon sa nadetermina ng tagapaglaan mo